

PARA SA AGARANG PAGLABAS

Zero tolerance para sa speeding sa Brampton
Inaaprubahan ng Konseho ng Lungsod ng Brampton ang panukala para dagdagan ang kaligtasan sa daan

BRAMPTON, ON (Hulyo 13, 2020) – Sa Hulyo 8, nagkakaisang inaprubahan ng Konseho ng Lungsod ang pagpapatupad ng Automated Speed Enforcement (ASE) sa buong 200 lokasyon taon-taon para bawasan ang speeding o pagpapabilis at mga insidenteng kaugnay ng trapiko, at paigtingin ang kaligtasan sa daan para sa lahat ng user sa Brampton.

Sa kasalukuyan, may limang lokasyon na may mga abisong palatandaan ng ASE sa lugar na magkakaroon ng mga camera na i-install bago lumipas ang Setyembre 2020:

- Ward 1: Vodden Street East (sa pagitan ng Kennedy Road at Centre Street)
- Ward 2: Richvale Drive North (sa pagitan ng Kennedy Road at Sandalwood Parkway)
- Ward 3: Ray Lawson Boulevard (sa pagitan ng Hurontario Street at McLaughlin Road)
- Ward 8: Avondale Boulevard (sa pagitan ng Bramalea Road at Birchbank Road)
- Ward 9: Fernforest Drive (sa pagitan ng Bovaird Drive at Sandalwood Parkway)

Ang Lungsod ay nagsisikap sa pagtatalaga ng 25 karagdagang [Pangkaligtasang mga Zone ng komunidad](#) bago lumipas ang Setyembre 2020. Magsisimula rin ang staff sa pagbili ng karagdagang mga camera para suportahan ang ASE sa buong lungsod. Ang pagkumpleto ng pagbili ay inaasahan sa dulo ng taon na ito.

Sa pagsisikap na itayo ang kamalayan, ang mga palatandaan ay ii-install sa mga pasukan sa lungsod para sabihan ang mga motorista na ang ASE ay may bisa at ang pagpapabilis ay hindi kinukunsinte sa komunidad.

Background

- Ang ASE, isinabatas ng Lalawigan na may piling kalahok na mga munisipyo, ay nakatuon sa pagdadagdag ng kaligtasan at ginhawa para sa mga lokal na komunidad – partikular na para sa mas madaling maaapektuhan na mga tagagamit ng daan, tulad ng mga bata.
- Ang ASE ay isang automated system na gumagamit ng isang camera at device na pansukat ng bilis para ipatulad ang mga limitasyon sa bilis.
- Kinukuha at nirerekord lamang ng ASE ang mga imahe ng mga behikulong tumatakbo nang higit sa nakapaskil na limitasyon sa bilis sa mga zone ng paaralan at mga pangkaligtasang zone ng komunidad. Iniisyu ang mga tiket sa mga rehistradong plate holder kahit na sino ang nagmamaneho.
- Pinapayagan ng lehisasyon ang ASE na ma-install sa mga Zone ng Paaralan o mga Pangkaligtasang Zone ng Komunidad, at sa mga daan na ipinaskil nang di bababa sa 80 km kada oras.
- Ang Lungsod ng Brampton ay isa sa unang mga munisipalidad sa Ontario na nagpapatupad sa ASE, ipinapakilala ang unang palatandaan na abiso nito noong Disyembre 19, 2019.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa ASE, mag-click [dito](#).

Mga Quote

“Ganap na zero tolerance para sa speeding o pagpapabilis sa Brampton at ang ating Konseho ay patuloy na gagawa ng hakbang para gawing malinaw ang mensahe na ito. Sa pamamagitan ng mga pamamaraan tulad ng pagdagdag sa 200 lokasyon sa ating lungsod, nagsisikap tayo na bawasan ang mga insidente sa sasakyan at dagdagan ang kaligtasan para sa lahat ng gumagamit ng daan, lalo na ang pinakamadaling maapektuhan.”

- *Patrick Brown, Mayor, Lungsod ng Brampton*

“Sa pamamagitan ng pag-apruba sa karagdagang mga lokasyon ng ASE sa Brampton, binibigyan natin ng hudyat ang mga motorista na ang pagpapabilis ay hindi kinukunsinte sa ating komunidad at na tatandaan na ibahagi ang daan. Kasunod ng pagpapasimula sa ASE sa Vodden Street sa taon na ito, inilunsad din ng Konseho ang pansamantalang bike lanes sa malapit para itaguyod at suportahan ang ligtas na aktibong transportasyon. Ang ating prayoridad ay lumikha ng mga Kalye para sa mga Tao para patuloy natin na mapapagalaw nang ligtas ang lahat ng Brampton!”

- *Paul Vicente, Rehiyonal na Konsehal, Wards 1 at 5; Chair, Public Works at Engineering, Lungsod ng Brampton*

“Ang Automated Speed Enforcement ay isang paalala na kailangan nating lahat na bumagal at na tayong lahat ay gumaganap ng papel na panatiliing ligtas ang ating mga komunidad. Bilang bahagi ng unang mga lungsod na nagpapasimula sa ASE, ipinapakita natin sa ating mga residente na mauuna ang kanilang kalusugan at kaligtasan.”

- *Pat Fortini, Rehiyonal na Konsehal, Wards 7 at 8; Vice-Chair, Public Works at Engineering, Lungsod ng Brampton*

“Ang ating Maintenance sa Daan at ang team ng Traffic Services ay gumaganap ng mahalaga at kritikal na papel sa pagtiyak na ang mga daan, bangketa, at mga sistema ng trapiko ay gumagana nang ligtas at napakahusay. Bago ang at sa panahon ng COVID-19 pandemic, ang ating mga empleyado ay nagtatrabaho sa likod ng mga eksena sa pagpapatupad ng Automated Speed Enforcement para itaguyod at suportahan ang kalusugan at kaligtasan ng ating komunidad.”

- *David Barrick, Pinunong Administratibong Opisyal, Lungsod ng Brampton*

-30-

Bilang isa sa napakabilis na lumalaking lungsod sa Canada, ang Brampton ay tahanan ng 650,000 tao at 70,000 negosyo. Ang mga tao ang nasa gitna ng lahat ng ginagawa natin. Napapalakas tayo ng ating diverse na mga komunidad, hinihikayat natin ang pamumuhunan, at sinisimulan natin ang isang paglalakbay para pangunahan ang teknolohikal at pangkapaligirang inobasyon. Nakipag-partner tayo para sa pag-unlad upang magtayo ng isang nakalulusog na lungsod na ligtas, sustainable at matagumpay. Kumonekta sa amin sa [Twitter](#), [Facebook](#), at [Instagram](#). Alamin ang higit pa sa www.brampton.ca.

KONTAK NG MEDIA

Monika Duggal

Coordinator, Media at Pakikilahok sa Komunidad

Strategic na Komunikasyon

Lungsod ng Brampton

905-874-3426 | Monika.Duggal@brampton.ca